

# 1

“I love baking cakes. And I’m taking care of my dogs all the time.” Ano nga ba ang balak niyang gawin sa buhay?

“So, you don’t have plans of working in your company soon? You graduated top of your class, Audrey.”

“I want to think about it more, Harry.”

“I see. I have to go now. I’ll see you tonight. We’ll have dinner, okay?”

“Yeah, sure.” Napapabuntunghininga si Audrey habang sinusundan ng tingin si Harry, her boyfriend of three years, na papalabas ng kanilang bahay.

Pero habang tumatagal ang kanilang relasyon ay parang nawawalan siya ng interes dito. Noong kasisimula pa lamang nila ay sinusuyo siya nito araw-araw at ipinapakita nito ang malinis nitong intensyon sa kanya. They were childhood friends at magkaibigan din ang kani-kanilang pamilya kaya nagustuhan kaagad ito ng kanyang mga magulang para sa kanya.

Harry was handsome, kind, honest and conservative. She appreciated all his efforts, pero parang nawawalan na siya ng gana dahil nagiging routine na ang kanilang pagkikita at pagdi-date. He was boring her to death. Lalo na ngayong pini-pressure siya ng kanyang ama na magtrabaho na sa kanilang kompanya at hindi niya maintindihan ang pangungulit ng lalaki tungkol doon.

All her life ay sheltered siya dahil nag-iisa siyang anak at masasakitin siya noong bata pa. Kaya rin siguro masyadong OA ang kanyang mga magulang sa pag-aalaga at pagpoprotekta sa kanya. Sinusunod ni Audrey ang mga ito simula pagkabata. Nagbaka-sakali siya na pagkatapos niyang magkolehiyo ay magkakaroon siya ng kaunting independence para magawa ang mga gusto niya talagang gawin, pero hindi pa rin pala. Lalong naging agresibo ang kanyang mga magulang na kontrolin ang kanyang buhay.

Oo nga at ibinibigay ng mga ito ang lahat ng materyal na bagay na gusto niya pero ang kapalit ng lahat ng iyon ay ang kanyang kalayaan. Para siyang prinsesang nakakulong sa tore.

She's already twenty-three years old. Sa edad niyang iyon, siya na lamang siguro ang hindi nakakapag-travel nang nag-iisa. Hindi kagaya ng

mga naging kaibigan niya na ngayon ay masaya nang nakatira sa lugar na pinili nila at matagumpay sa career ng mga ito. Samantalang siya ay parang isa sa mga alagang hayop na ginu-groom para maging asawa ni Harry.

She wanted to be a doctor. Dahil mahilig siya sa mga bata, ang gusto niyang maging ay pediatrician. At dahil matuwain din siya sa mga aso ay naisip niyang kumuha ng Veterinary Medicine. Pero hindi pumayag ang mga magulang na nasa linya ng medisina ang kunin niyang kurso.

They wanted her to take up Business Management dahil balang araw ay siya rin daw ang magmamana sa lahat ng pinaghirapan ng mga ito. Kahit labag sa kalooban ng dalaga ay sinunod pa rin niya ang mga magulang out of respect.

Ginalingan niya ang pag-aaral. Ginawa niya lahat para maging masaya ang mga ito dahil umasa siya na kapag nagawa na niya ang gusto ng mga ito ay siya naman ang pagbibigyan. Pero hindi pa rin naman pala.

“Gutom ka na ba, Audrey?”

Napalingon siya nang marinig ang boses ng kanyang yaya. Matagal nang nakaalis si Harry, pero

naroon pa rin siya sa garahe.

“Hindi pa naman ho, Yaya,” nakangiti niyang sagot.

Si Yaya Puring ang nakagisnan niyang nag-aasikaso sa kanya.

“Dinalhan na kita ng merienda d’un sa library, Hija, para makain mo habang nagbabasa ka ng mga libro.”

Tinanguan niya ito. “Salamat, Yaya.” Kilala na siya ng matanda. Alam nitong mahilig siyang magbasa ng libro.

“Siyanga pala, tumawag kanina si Laura, ang best friend mo, kaso bisita mo si Harry. Tawagan mo raw siya dahil may importante siyang sasabihin sa iyo.”

Natuwa siya pagkarinig sa sinabi nito. Matagal na rin niyang hindi nakakasama ang kanyang best friend. She missed Laura already.

“Sige, Yaya. Salamat. Pupunta na po ako sa library. Doon ko na lang siya tatawagan sa extension na naroon.”

Tumango si Yaya Puring at pagkatapos ay tumalikod na.

Audrey dialed her best friend's number the moment she reached the phone. Nag-ring iyon ng tatlong beses bago may sumagot.

“Hi, Bestfriend! How are you,” excited niyang bati.

“Hi yourself! Audi, guess what? I'm going to Cordillera next week.”

“Oh? Ano ang gagawin mo doon?” kunot-noo niyang tanong.

Laura just got her veterinary license at hindi niya mapigilan ang mainggit dito.

“My parents are sending me there. First job ko. May kaibigan ang parents ko na may-ari ng isang ranch doon. Gosh, I can't wait to go there, I'm so excited!”

“Oh, well. Good for you. Good luck then,” malungkot niyang sabi, bagaman masaya para kay Laura.

“Hey, don't be sad. I promise, we'll go there together.”

Nanlaki ang mga mata niya sa sinabi nito. “Really? You are taking me there? Gosh...”

“Yes. Alam ko kasi kung gaano mo kagusto na maging vet,” malungkot na komento ni Laura. “If only your parents allowed you your dream.”

Audrey half-smiled. “Yeah. Anyway, I’m so excited! Pero baka hindi ako payagan ng Mama at Papa and Harry as well.” Naitirik niya ang mga mata nang banggitin ang pangalan ng nobyo.

Natawa si Laura sa kabilang linya. “Ako na ang bahala sa kanila. Your parents and my parents are very close. I’m sure hindi nila ako matatanggihan.”

“Well, I hope so. Ako muna ang magsasabi sa kanila. Hanggang kailan ka sa Cordillera kung sakali?”

“I’ll be staying there for a month.”

---

“A month?” gulat na ulit ni Harry.

Pormal na tumango si Audrey. They were having dinner in an Italian restaurant. “Yes, a month, and I’ll be with Laura,” kubit-balikat niyang sagot at walang anumang nagpatuloy sa pagkain.

“I don’t think it’s a good idea. Ano naman ang gagawin mo doon? Laura is a veterinarian, you’re not. I’m sure mababagot ka lang doon.”

Napatingin siya rito. “I told you, pangarap kong maging vet, di ba? It’s a good start for me. I want to see Laura in action, para masiguro ko rin na iyon talaga ang gusto ko,” saad niya.

“But Tito Luis is expecting you to work with him. Does he know about this?”

“No. But they will,” determinado niyang sagot.

Napapailing si Harry. “I still don’t think it’s a good idea.”

Hindi na nagkomento pa si Audrey. Tahimik din na nagpatuloy ang nobyo sa pagkain. Ayaw na niyang pahabain pa ang argumento nila dahil alam niyang hindi nito maiintindihan ang gusto niyang mangyari sa buhay.

---

“No, Audrey!” malakas na tutol ng kanyang ama.

Nakukulili na ang kanyang tainga sa sinasabi ng mga magulang niya na hindi makabubuti para sa kanya ang pagsama kay Laura sa Cordillera.

“Papa, please, just this time. I want to be a veterinarian, kahit noon pa ay iyon na ang gusto ko but you never allow me to do it dahil kayo ng mama ang parating nasusunod.” May himig-pagtatampo sa

kanyang tinig nang sabihin iyon.

“Hija, you must understand. You are our only daughter. Bakit kailangan mo pang iwan kami?” Malumanay ang boses ng kanyang mama.

“Mama, I’m twenty-three years old. Puwede bang kahit ngayon lang ay ako naman ang magdesisyon para sa sarili ko? Kahit ngayon lang? All my life ay sinusunod ko kayo kahit kapalit n’un ang kalayaan ko. Mama, Papa, kahit ngayon lang po, payagan ninyo ako,” mapagpakumbaba niyang sabi.

Natahimik ang mga ito at nagtinginan na parang nagulat. Kunsabagay, unang beses iyon na tumutol si Audrey.

“Ma, Pa?” Nakikiusap ang tinig niya.

“Ayoko pa ring pumayag, pero kung hindi ka namin mapipigilan ng mama mo ay wala kaming magagawa,” seryosong sabi ni Luis.

Tumayo si Audrey at naiiyak na niyakap ang kanyang mga magulang. She felt happy and relieved. “I promise I won’t do things that might disappoint you,” nakangiti niyang sabi.

---

“Siguro nga ay masyado tayong protective sa



kanya, Luis,” seryosong sabi ni Rina sa asawa nang nakahiga na sila para matulog nang gabing iyon.

“Sa tingin ko nga rin. Ngayon ko lang kasi siya narinig na ipinagpilitan ang kanyang gusto. Hindi naman siya ganoon dati.”

“I guess, we should give her a little freedom, show her our trust.”

“I can’t help it. She’s our baby,” pabuntunghiningang sabi ni Luis.

“Yes. And our baby’s no longer a teenager. I think it’s about time na hayaan muna natin siya. I can’t believe how time flies, noon ay madalas siyang nakakandong sa akin na parang natatakot na maiwan. Nakalimutan kong malaki na ang ating unica hija,” nakangiting sabi ni Rina.

“Tama ka. She’s all grown up now.”

Nakangiting nagkatinginan ang mag-asawa at nagyakap habang pinag-uusapan ang kanilang anak na si Audrey.

## 2

“So ano ang plano mo pagdating natin doon?” tanong ni Audrey habang sakay sila ng eroplanong maghahatid sa kanila sa Cordillera.

“Well, we are going to stay in my Tita’s house. It’s not glamorous, ha. It’s a cowboy house. Maliit lang siya. It’s made of wood at maraming baka at kambing sa paligid.”

“That’s all right,” nakangiti at matipid niyang sagot.

“This is your first time to live away from your parents, Audi, and I know this won’t be easy for you.”

“Come on, Laura. Hindi naman ako maarte. I mean, this is a chance for me to experience how to deal with animals other than dogs kaya excited ako.”

“Ang akin lang, baka mahirapan ka.”

“Nonsense!” natatawa niyang sabi.

“So, mabuti at napapayag mo ang mga magulang mo. Si Harry, ano’ng sabi?”

“It is not easy at first, lalo na si Papa, pero sa huli

ay naintindihan naman nila ako. Si Harry ay hindi pa rin pumayag pero wala siyang magagawa dahil ito ang gusto ko.”

“So, cool off muna kayo ngayon?”

“Yes. Balak ko kasing mag-concentrate muna dito. Baka pagkatapos nito meron na akong lakas ng loob na magsabi kay Papa na kukuha ako ng degree sa Vet Med,” aniya.

“Mabuti na rin at nakipag-cool-off ka muna kay Harry. No offense, pero para kasing he is too controlling pagdating sa iyo. Plus he is so boring and impatient. Base lang naman sa nakikita ko, pero kayo ang parating magkasama kaya mas kilala mo siya kesa sa akin,” kubit-balikat na sabi ni Laura.

Natawa si Audrey, may bahid kasi ng katotohanan ang sinabi ng kaibigan. “Ganoon talaga siya. Nahawa na yata sa Mama at Papa.”

“Siguro nga. Masyadong seryoso ang mukha niya, ha. Parating naka-ganito, o.” Ginaya ni Laura ang mukha ni Harry na nakanguso sabay kunot ng noo.

Tumawa si Audrey. “Oh, please stop. Hindi bagay sa iyo.”

Nakitawa na rin si Laura. Mayamaya ay umayos sila ng upo at naghanda sa pag-idlip.

---

“Mikhail, may darating na mga taga-Maynila ngayon dito. Balita ko ay ang beterinaryo na ipinadala ni Sir Martin. Marami kasing kambing na nagkakasakit ngayon. Balita ko rin ay pamangkin iyon ng asawa ni Sir Martin.”

“Anong oras ho ba ang dating, Ka Paning?”

“Baka mamayang hapon pa. Ang sabi ni Sir Martin ay kailangan mo daw silang tulungan dito bukas at ikaw na daw ang bahalang mag-asikaso d’un sa dalawa dahil hindi niya mahaharap. Doon muna daw silang mag-asawa sa Maynila nang tatlong linggo,” sabi ng matanda.

“Dalawa ang beterinaryong pinapunta niya?” kunot-noong tanong ni Mikhail.

“Hindi, isa lang. Ang sabi ay assistant daw yata iyong isa.”

Tumangu-tango ang binata at pagkatapos ay nagtuloy sa kuwadra para tingnan ang mga kabayo.

Sumunod dito si Ka Paning. “Kumusta ang ama mo?”

“Nasa bahay at tinatrangkaso pa rin. Mabuti na lang at nandoon ang Lola para alagaan siya.”

“Ganoon ba? Baka bukas na ako bibisita sa kanya, Mikhail. Alam mo namang hindi ko maiwan-iwan ang mga alaga natin.”

“Walang problema ho iyon.”

“Kumusta, Mikhail? Mabuti at nandito ka.”

Napalingon ang dalawang lalaki sa nagsalita. Naroon si Pilar at nakatayo sa bukana ng kuwadra. Ang ama ni Pilar ay isa sa mga kasosyo ni Martin Vallejo sa pagmamay-ari ng rancho. Kasosyo rin doon ang ama ni Mikhail.

Isang buwan na rin silang lumalabas ng dalaga bagaman hindi niya ito nobya. Okay lang daw kay Pilar ang ganoong setup. Tinapat niya ang babae na ayaw muna niya ng commitment. Para sa kanya ay sakit lang iyon ng ulo. Isa pa, ayaw niyang magaya sa kanyang ama.

“Kailan ka pa dumating, Mikhail?” nakangiting tanong ni Pilar. Lumapit ito at iniwan sila ni Ka Paning.

“Kaninang madaling araw lang. Marami kasi akong inasikaso sa Maynila. Nagpahinga lang ako

sandali at pagkatapos ay dumerecho na ako dito.”

“Ang sipag mo naman. Bakit hindi ka muna pumasyal sa bahay? Mag-almusal ka man lang.”

“Mamaya na sigurong tanghali ako papasyal. Marami pang gawain dito, Pilar,” nakangiti niyang tanggi.

“Bahala ka. Basta hihintayin kita mamaya, ha, lover boy?” Mabining hinalikan siya nito sa labi.

Ngumiti si Mikhail at pagkatapos ay sumaludo kay Pilar bago ito tumalikod sa kanya.

Sa lahat ng babaeng napaugnay sa kanya ay si Pilar lamang ang hindi demanding at hindi siya kinokontrol. Gusto niya ang ugali nitong iyon kaya ito ang medyo tumagal sa kanya. Kontento na ito kung ano ang kaya niyang ibigay at klaro rin dito na ayaw niya ng relasyon. Wala itong reklamo roon. Sa simula pa lamang ay nililinaw na niya ang gusto niyang mangyari. Kapag nagiging possessive na ang babae ay agad na niyang pinuputol ang *ugnayan* dito.

“Ang ganda ng ngiti ni Pilar, ah,” nakangiting sabi ni Ka Paning. Matipid lang siyang ngumiti rito. “Siya na ba ang pakakasalan mo?” patuloy ng matanda.

“Wala ho sa bokabolaryo ko ang kasal, Ka

Paning.”

“Ganoon ba?”

“Aalis na ho muna ako. Pakitawagan na lang ho ako kapag dumating na ang dalawang bisita nating taga-Maynila.”

“Sige, Mikhail.”

Tumalikod na siya hila ang isang malaking itim na kabayo. Naiwang napapailing ang matandang lalaki.

---

Hapon na nakarating sa *Rancho Filipino* sina Laura at Audrey. Excited sila na maikot ang lugar. Filipino umano ang apelyido ng may-ari niyon nang panahon ng mga Español.

“Here we are,” sabi ni Laura pagkababa nila sa sinasakyang jeep. Dalawang oras din halos ang itinagal nila sa jeep papunta roon.

“Wow! This place is really wonderful,” masayang bulalas ni Audrey.

“Yeah. Let’s go inside. Nandoon na sina Ka Paning at Ka Fedra, naghihintay sa atin.”

“Okay.”

Lumakad na silang dalawa papunta sa loob ng kabahayan. Sinalubong sila ng mag-asawang tumatao sa rancho.

---

“Lover boy, why don’t you stay here for tonight?” paglalambing ni Pilar habang nakayakap kay Mikhail. Katatapos lang ng mainit nilang pagniniig.

“Hindi pwede ngayong gabi. Alam mong ngayon ang dating ng beterinaryo, hindi ba?”

“Kailan ba natin ito mauulit? I want to spend more time with you.”

“Hanggang kailan ka ba rito?”

“Tatlong linggo lang ako rito, babalik kasi kaagad ako sa Maynila dahil may ipinaaasikaso ang Papa sa negosyo.”

“Kung ganoon, tawagan mo na lang ako o di kaya ay pumunta ka sa rancho. Marami kasi akong trabaho ngayon.”

Noon tumunog ang kanyang cell phone. Si Ka Paning ang tumatawag. Tumayo siya at sinagot iyon kahit nakahubad.

“Ka Paning,” tipid niyang sabi.



“Nandito na ang dalawang taga-Maynila.”

“Sige, uuwi na ho ako diyan ngayon.” Tinapos na niya ang pag-uusap nila at saka tuluyang nagbihis. “I have to go now. Nandito na ang betenaryo.”

“Okay. Pupuntahan kita sa rancho bukas, my lover boy.”

“Ikaw ang bahala.” Nagmamadali na siyang lumabas ng silid nito. Doon siya nananghalian at nauwi nga sa mainit na lambingan ang pagpunta niya roon.

---

Nanghingi ng permiso si Audrey na pumunta sa kuwadra upang bistahan ang mga kabayo. She loved horses, too. Hindi pa masyadong gumagabi kaya gusto muna niyang makapaglibot-libot doon. Hindi na sumama si Laura dahil napagod daw ito sa biyahe at gustong magpahinga kaya siya na lamang mag-isa ang nagtungo sa kuwadra.

Pumayag naman ang dalawang matanda. Itinuro pa sa kanya ni Ka Freda ang direksyon patungo sa kuwadra. Bumalik na lamang daw siya ng bandang alas siete para sa hapunan. Hinihintay pa lang daw ang tagapamahala ng rancho.

Maingat niyang tinahak ang daan patungo sa kuwadra.

Madalas magbakasyon sa ibang bansa ang pamilya niya at dinadala siya ng mga magulang sa isang horse farm. Noong maliit na bata pa lamang siya ay pinaturuan siya ng kanyang ama na mangabayo pero hindi iyon napanatili dahil masasakitin siya. Gustuhin man niyang ipursige ang pangangabayo ay hindi na siya pinahintulutan ng overprotective na mga magulang, lalo't ibinawal din iyon ng kanyang doktor.

Magaganda ang mga kabayo sa Texas, magaganda ang breed. She couldn't help feeling amazed everytime she's near these gentle creatures.

The last time she did horseback-riding was in high school. Kaya ngayon ay lulubus-lubusin na niya ang pagtingin at pagkausap sa mga ito. Nabasa niya kasi dati na para mapalagay sa iyo ang kahit anong hayop ay dapat bulungan mo ito ng mabubuting salita.

Ganoon nga ang ginawa ni Audrey sa unang kabayo na nakita niya sa kuwadra. Kulay puti ito at malaki. Hinimas-himas niya iyon at kinausap.

---

Nang makarating si Mikhail sa kuwadra para ibalik ang black stallion na ginamit kanina ay may naabutan siyang babae na tila masuyong kinakausap ang puting kabayo na naroon, si Silver.

Napakunot-noo siya sa ginagawa nito. Nakatalikod ang babae. Pinagmasdan niya ito. She's tall, maybe about 5'11"; mahaba ang buhok nito na naka-pony tail. She was wearing a polo shirt na may print na bulaklak na tinernuhan ng black jeans at black flat shoes.

She must be the vet.

“Dahan-dahan lang, Doc, baka sumagot iyang kabayo sa iyo. Mahirap na,” nakangiting sabi ni Mikhail.

---

Nagulat si Audrey nang marinig ang boses na iyon ng isang lalaki. Natigilan siya sa ginagawa at humarap sa direksyon nito sa pormal na mukha.

“Oh. Is this your horse, Mister? I hope it's okay with you na nagpunta ako dito,” hinging-paumanhin niya.

“Okay lang, Miss. Tama ba ako, ikaw ang doktor?”

“Hindi. Assistant ako ni Dra. Laura Pineda. I'm

Audrey Calleja.” Ibinigay niya ang kamay rito.

Ngumiti si Mikhail at tinanggap ang kamay ni Audrey.

*She’s beautiful.*

Iyon ang unang pumasok sa utak nito nang ganap na mapagmasdan ang babae.

“I’m Mikhail Rodriguez, ang tagapamahala ng *Rancho Filipino*.”

“It’s nice to meet you, Mr. Rodriguez.”

Matipid na ngumiti si Mikhail.

Si Audrey ay mabilis na binawi ang kamay mula sa lalaki. Hindi niya gusto ang dating nito. Sobrang angas at rugged, mga qualities sa lalaki na hindi niya gusto gaano man ito kaguwapo at katikas. He looked fresh, too; na para bang kahit pinagpapawisan na ay mabango pa rin.

“Uhm, I’d better go now. I think the dinner is ready, it’s almost seven o’clock. Excuse me, Mr. Rodriguez.”

“Sure,” nakangiting sagot ni Mikhail.

Nagmamadaling tumalikod si Audrey at umalis doon.

Hindi pa rin napapalis ang ngiti ni Mikhail.

Mestiza nga ito at maganda, pero hindi niya type ang mga babaeng ganoon. She looked so fragile and vulnerable, iyong tipong kailangan mong alagaan at mahalin. As much as possible ay ayaw niyang mapaugnay sa mga ganoong babae at mas gusto niya ang mga kagaya ni Pilar na less hassle sa buhay.

---

“Audi, you are on time. Dinner’s ready,” ani Laura.

“I’m hungry, too,” nakangiti niyang sabi.

Tinawag sila ni Ka Freda para umupo na sa hapag-kainan at sumunod na silang dalawa.

“Kumain na kayo, mga ineng,” anang matandang babae.

“Hindi ho ba at may hinihintay pa tayo?” tanong ni Laura.

“Oo, si Mikhail. Dumating na siya, susunod na daw dito, ineng,” sagot ni Ka Paning.

Tumango si Laura at nagsimula nang kumuha ng pagkain. Sumabay na rin si Audrey. Natakam siya sa mga nakahain sa mesa. Noon pumasok ang lalaking hinihintay nila. Halatang natigilan si Laura

at napatingin sa bagong dating, samantalang siya ay dinaanan lang ito ng tingin at pagkatapos at nagpatuloy na sa pagkain.

Na-meet na niya ito sa kuwadra kanina.

Umupo ang lalaki sa harapan niya.

“Mikhail, sila nga pala iyong sinasabi ni Sir Martin. Si Ma’am Laura ang beteryaryo natin at si Miss Audrey ang assistant niya.”

“Kumusta kayo? Sana magustuhan ninyo ang pagtigil dito ng isang buwan,” nakangiti niyang sabi.

“Salamat, Mikhail.” Matamis na ngumiti si Laura rito.

Si Audrey ay tumango lang at nagpatuloy na sa pagkain.

---

“Gosh, did you see that guy? He is so handsome,” kinikilig na sabi ni Laura.

Nasa silid ni Audrey si Laura nang gabing iyon, gustong makipagkuwentuhan sa kanya. Hindi pa rin naman siya makatulog dahil namamahay pa siya. Magkahiwalay ang silid na ibinigay sa kanila.

Natawa siya. “Yes, that’s true,” matipid niyang

sagot at nagkibit-balikat.

“He seems so nice. I guess I’ll enjoy my stay here,” patuloy pa ni Laura. Napangiti lang siya sa kaibigan. “Don’t you find him attractive?”

“He is attractive, yes, but he is not my type. He is more of yours.”

“Right. I like guys who are ruggedly handsome.”

Noon tumunog ang cell phone ni Audrey. Harry was calling her.

“Excuse me, Laura. I have to take this call.”

“Sure. Go ahead.”

Nagpunta siya sa balkonahe para sagutin ang tawag. Ang lamig-lamig ng hangin sa labas and she was so liking it.

“Yes, Harry?”

“What time did you arrive there? Have you taken a rest since? Is everything fine?”

Naitirik niya ang mga mata sa pagkairita rito. Dinaig pa ng nobyo ang mama at papa niya sa pagiging-OA at sa pagiging overprotective sa kanya.

“Yes, everything is fine, Harry, and please stop

checking up on me like this. Nag-cool off na tayo, hindi ba?”

“Cool off, hindi ibig sabihin wala na tayong relasyon.”

“Fine.” Napabuntunghininga siya, gusto na niyang tapusin ang pag-uusap nila dahil nagsisimula na siyang mabuwisit.

“All right, I’m sorry. Anyway, take care of yourself.”

“Okay, thank you. Good night and bye.” She disconnected the call. Pagkatapos ay napatingala si Audrey sa langit at pumikit. This was the first time she travelled without her family with her. She would make sure that she’d enjoy her stay in Cordillera.

She would assist Laura in every way she could.

Eyes still closed, she breathed in the fresh air. The cold wind was blowing her long hair.

*This is freedom.*

Audi was just so happy.



# 3

Napakunot-noo si Mikhail habang tinitingnan si Audrey na nasa balkonahe ng silid nito. Nakapikit ito at tinatangay ng hangin ang mahabang buhok. He wondered what she was thinking at the moment. Honestly, sa lahat ng babaeng nakikilala niya—bata, matanda, dalaga, may asawa—lahat ay may admirasyon sa mga mata pag nakatingin sa kanya.

Samantalang si Audrey, parang wala man lang anumang epekto rito kapag nakatingin sa kanya. He was aware that Laura was into him, but Audrey was a different matter. She simply didn't seem to care.

Balewala rito ang presensya niya. And Mikhail felt challenged. Para sa kanya, lahat ng babae ay pare-pareho lang, walang ipinagkaiba si Audrey sa mga iyon.

Nagbago na ang isip niya. She was his type. And he would have her soon.

---

Kinabukasan ay sinamahan silang magkaibigan ni Ka Paning sa paglilibot sa *Rancho Filipino*. Ipinakita sa kanila ng matanda ang maraming kambing at baka

pati na rin ang iba pang kabayo. Audrey felt excited. Sa wakas, nakaramdam din siya ng independence.

Tinitingnan niyang mabuti si Laura kung paano nito i-check-up ang kambing na may sakit at ang baka na kapapanganak pa lamang.

“How’s everything here?”

Napalingon silang tatlo kay Mikhail.

“Everything’s fine, Mikhail,” nakangiting sagot ni Laura rito.

“That’s great. Nagpahanda na ako ng pananghalian kay Ka Freda. I hope okay lang sa inyo na hindi tayo sa bahay kakain. Sa may ilalim ng punong mangga tayo mananghalian.”

“Oh, that sounds fab!” sagot ni Laura.

“Ikaw, Audrey, okay lang ba sa iyo?” baling ni Mikhail sa dalaga.

“It’s fine with me,” kibit-balikat niyang sagot.

“Kung ganoon ay halina kayo at nang makakain na tayo.”

Si Ka Paning ay nagpatiuna nang maglakad.

---

Hindi sanay si Audrey nang nagkakamay na kumain kaya naman dahan-dahan siya sa pagsubo at pinagpapawisan pa dahil nahihirapan siyang walang gamit na kubyertos. Tiningnan niya si Laura, sanay na sanay na itong magkamay. Exposed ang kaibigan sa maraming lugar, maraming tao—mapamayaman o mahirap; at supportive ang parents nito sa lahat ng adhikain nito.

Siya ay parang ngayon pa lamang nagsisimula kaya naman hirap na hirap siya pero ayaw niyang masabihan na maarte kaya ay sinubukan niyang kumain na nakakamay.

“Puwede ka namang gumamit ng kubyertos, Audrey,” ani Mikhail.

Napatingin siya rito na nakayuko lang sa pagkain habang sinasabi iyon.

“Hindi, okay lang ito,” nahihiya niyang tugon.

“Manang, pakikuha naman po ng kutsara at tinidor sa loob,” utos ni Mikhail.

“Huwag na. Okay lang talaga, Mikhail. Gusto ko ring sanayin ang sarili ko sa ganito. It’s not a bad thing, gusto kong matuto,” matigas niyang tanggi.

---

Napatingin si Mikhail kay Audrey. She looked vulnerable while being insistent, may determinasyon sa tinig nito. Nagugulat siya sa dalaga. He knew very well that she came from a very rich family, mas mayaman pa sa pamilya ni Laura, pero sa nakikita niya ay ginagawa nito ang lahat upang makasabay ito sa kanila. Kilala niya ang pamilya ng mga ito. Audrey's father was a bank magnate at nag-iisa lamang itong anak.

He was actually expecting to hear complaints from her dahil malayo ang buhay sa rancho sa kinasanayan nito, pero wala siyang naririnig na anumang negatibo mula rito.

“Ikaw ang bahala,” kubit-balikat na sagot ng binata at nagpatuloy na sa pagkain.

“Sigurado ka ba, Hija? Sa tingin ko kasi ay nahihirapan ka sa pagkain mo,” nag-aalalang komento ni Ka Freda.

“Ayos lang po ako. Salamat po ulit.” Matamis itong ngumiti sa matandang babae.

Alanganin itong ngumiti at nagpatuloy sa pagkain.

Tiningnan ulit ni Mikhail si Audrey nang palihim.

Panay ang pahid nito sa noo gamit ang kaliwang kamay. Pinagpapawisan ang dalaga, obvious na nahihirapan sa pagsubo. Napailing na lamang siya. Matigas din pala ang ulo nito.

---

“Ano ho ba ’yang ginagawa ninyo, Ka Paning?” nakangiting tanong ni Audrey.

Alas dos na noon ng hapon at naglilibot siya sa buong rancho. Si Laura ay napagod yata sa pag-aasikaso sa mga hayop nila kaninang umaga kaya nakatulog sa kuwarto. Hindi makatulog si Audrey kaya nagdesisyon siyang pumasyal-pasyal muna roon.

“Ikaw pala, Hija. Tinitingnan ko lang ang mga bagong panganak na baka. Bilin kasi ni Dok Laura.”

“Ah, ganoon ho ba? Samahan ko na ho kayo rito.”

“Hindi ka ba napagod kanina, Hija? Aba’y ang aga ninyong gumising kanina ni Dok.”

“Hindi naman ho gaano. Hindi rin ho pati ako makatulog, eh.”

“Aba’y kung ganoon ay ikinagagalak ko na makasama ka rito.”

Natawa si Audrey. Natutuwa siya sa matanda.

Tiningnan niya ang maliit na baka. Natutuwa siyang makita ang mga iyon. Hindi pa yata bumubukas ang mga mata ng mga iyon. Hinimas niya ang noo ng isang maliit na bakang natutulog.

It looked so cute. It warmed her heart to see the farm animals around her.

“Gustung-gusto mo talaga ang mga hayop, ano?” hindi napigilang komento ni Ka Paning.

“Opo. Bata pa ho ako, gusto ko na ho talagang maging beterinaryo o di kaya ay doktor ng mga bata.”

“O, eh, bakit hindi mo tuparin ’yang pangarap mo, Hija?”

“Iba ho ang gusto ng mga magulang ko para sa akin, eh. Sana nga po hindi pa huli ang lahat. May plano pa rin po akong maabot ang pangarap kong iyon,” nakangiti niyang sagot.

“Maganda iyan, Hija. Sundin mo kung ano ang gusto ng puso mo.”

“Salamat po, Ka Paning.” Binalingan niya ang natutulog na maliit na baka. “Ano ho ba ang matutulong ko dito, Ka Paning?”

Masayang nagpatulong ang babae sa mga gawain nito roon.

Mula sa malayo ay nakikita ni Mikhail ang mga ginagawa ni Audrey kasama si Ka Paning. Natural na natural itong kumilos. Sa nakikita niya ay totoo rin ang concern nito sa mga hayop sa farm. Napataas ang kilay niya nang makitang tinulungan nito sa paglilinis doon si Ka Paning.

*What the heck is she doing? Is she trying to win my attention?*

Ganoon naman talaga ang mga babaeng nagagawi sa rancho. Parating kinukuha ang atensyon niya, nakikipagrelasyon sa kanya. Sa totoo lang ay marami na siyang nakarelasyon sa bayan na iyon pero si Pilar lang ang tumagal dahil hindi ito selosa at demanding. Alam nito kung ano ang gusto niya at nagkakaintindihan sila roon.

Napatingin ulit siya kay Audrey, nagtatawanan ito at si Ka Paning. Pinakatitigan niya itong mabuti. Hindi naniniwala ang binata na mabait ito. Sa simula lang iyon, pero sa huli ay lalabas din ang totoong kulay nito: makasarili.

Tumunog ang kanyang cell phone, ang papa niya ang tumatawag. Sinagot niya iyon.

“Papa.”

“You have to come home now. Your mother is here.”

*Bullshit!* “I’m coming.” Tinapos na niya ang pag-uusap na iyon at binigyan ng huling sulyap si Audrey bago sumakay sa kanyang pick-up truck.

---

“Wala kang makukuha ni isang kusing, Minerva. Bakit ka pa ba bumalik dito?” galit na sigaw ni Daniel sa dating asawa.

“Gusto kong kunin ang lahat ng pag-aari ko, Daniel. May karapatan din ako sa mga ari-arian na ito.”

“Kulang pa ba ang ibinigay ko sa iyo? Umalis ka ngayon din dito dahil kung hindi ay magpapatawag ako ng mga tao ko at ipapakaladkad kita palabas.”

“Ano ang nangyayari rito?” sabat ni Mikhail.

“Anak, kumusta ka na?” Biglang nagbago ang expression ng mukha ni Minerva nang humarap ito kay Mikhail. Lumapit ito sa anak para yumakap.

Umatras ng dalawang hakbang si Mikhail. “What are you doing here?”

“Aren’t you happy to see me, Hijo?” nanlalaki ang



mga matang tanong nito sa nag-iisang anak.

“Please stop this. Ano ho ba ang ginagawa ninyo rito? Papa is sick, kailangan niyang magpahinga at hindi maganda ang pagpunta ninyo rito dahil hindi maayos ang kondisyon ng katawan niya ngayon. I think it’s better if you leave now,” galit niyang sabi sa ina.

“Anak, matagal din tayong hindi nagkita.”

“Please. Umalis na kayo bago pa ako mawalan ng respeto sa inyo,” matigas niyang sagot.

“Mikhail!” gulat na sabi ni Minerva at bahagyang napaatras nang mapansin ang galit sa mga mata ng anak.

“Please leave now!” Itinuro niya ang pintuan.

Nanlilisik ang mga mata ni Minerva nang bumaling kay Daniel. “Hindi pa tayo tapos, Daniel. Babalik ako at kukunin ko ang nararapat na sa akin.” Tumingin ito kay Mikhail at pagkatapos ay nagmamadali nang lumabas ng kabahayan.

Nahahapong napaupo sa sofa si Daniel nang umalis si Minerva. Dinaluhan kaagad ni Mikhail ang ama.

“Papa, okay lang ba kayo? Sandali at tatawagin

ko si Aling Nating at si Lola.”

Pinigilan siya ng ama, hinawakan ang kanyang braso. “Huwag na. Okay lang ako, Anak.”

“Ano ho ba ang nangyari?”

“She wants money again and she wants to get her share of the properties.”

“That’s ridiculous. Kinuha na niya ang parte niya nang umalis siya,” mariin niyang saad.

“Apparently, she’s spending too much d’un sa bago niyang kinakasama.”

“Ako ang bahala sa kanya, Papa,” galit niyang sabi. “Sa susunod, kahit ano’ng mangyari ay huwag n’yo siyang haharapin.”

“Anak, kahit ano ang mangyari, do not hurt her. She is still your mother,” mahinahong sabi ni Daniel.

“Bullshit, Papa! I hate her. Galit ako sa mga ginawa niya sa inyo at sa pamilya natin. Hindi niya tayo mahal, ang sarili lang niya ang mahal niya. She’s a whore—”

“Mikhail...” saway ng ama.

“Maraming beses na niyang tinapakan ang pagkalalaki n’yo at maraming beses ka na rin niyang

sinaktan. How can you expect me to respect and love her?”

“Mikhail, ina mo pa rin siya at sa mata ng tao at ng Diyos ay asawa ko pa rin siya.”

“Stop defending her, Papa. Ayoko nang makipagtalos pa pagdating sa kanya. There’s no sense in doing so. I don’t want to talk about her. Ang mabuti pa ay magpahinga na kayo. Tatawagin ko na muna si Aling Nating at magpapahanda ako ng makakain n’yo.”

Pumikit si Daniel at inihilig ang ulo sa sofa nang tumayo si Mikhail at nagtungo sa kusina para hanapin si Aling Nating.

---

“Maraming salamat po sa masarap na hapunan na inihanda ninyo,” nakangiting sabi ni Audrey kay Ka Freda.

“Walang anuman iyon, mga ineng,” matamis nitong tugon.

“Si Mikhail ho pala? Dito rin ho ba siya maghahapunan?” di napigilang tanong ni Laura sa matatanda.

“Hindi po, Dok. Sa bahay ho iyon nila

maghahapunan ngayong gabi,” sagot ni Ka Paning.

Tumango si Laura. Palihim na napangiti si Audrey. Alam niyang attracted ito kay Mikhail.

“Good evening, everyone,” nakangiting bati ni Pilar sa kanila.

“Pilar, Hija. Halika at maghahapunan ka muna rito,” anyaya ng matandang babae.

“Hindi na ho. Si Mikhail ho?”

“Hindi siya dito kumain ngayon. Pinauwi kasi ng kanyang papa.”

“Ah, ganoon ho ba.” Tumangu-tango si Pilar at tiningnan ang dalawang babaeng kaharap. “Hi,” maikli nitong bati.

“Ah, sila nga pala ang mga bisita ni Sir Martin, Pilar. Si Dok Laura na isang betenaryo at pamangkin ng asawa ni Sir Martin at ito naman si Audrey, ang kanyang assistant,” pagpapakilala ni Ka Paning sa kanila.

“Hi,” nakangiting bati ni Audrey.

Tumango si Pilar. “Kung wala si Mikhail ay aalis na ho ako. Sige po, magandang gabi ho ulit sa inyo.”

Tumango ang dalawang matanda.

“Girlfriend ho ba iyon ni Mikhail, Ka Paning?” tanong ni Audrey out of curiosity.

“Ang alam namin ay parati silang lumalabas at magkasama sa tuwing nandito sa Cordillera si Pilar.”

Tumangu-tango si Audrey. “Salamat ho ulit sa masaganang hapunan. Maaga na naman ho tayong gigising bukas. I can’t wait to be with the horses tomorrow,” excited niyang sabi.

“Naku, marami ho tayong gagawin bukas,” nakangiting sagot ng matanda.

“Sure. I’m ready. Right, Dok Laura?” baling niya sa kaibigan.

“Oo naman. Sige, umakyat na tayo,” sagot ni Laura.

“All right. Good night po sa inyo,” paalam ni Audrey at pagkatapos ay sumunod na kay Laura na nagpatiuna nang umakyat.

---

“Gosh, he has a girlfriend. Sayang, I have a big crush on him pa naman, Audi.” Nakahiga si Laura sa kama nang sabihin iyon. Minsan pa ay naroon ito sa kuwarto niya.

Tumawa si Audrey nang marinig ang sinabi ng kaibigan. “Oh. You’ll get over him soon.”

“Well, I guess so. Bakit ikaw ba, hindi attracted sa kanya noong unang nakita mo siya?”

Naitirik ni Audrey ang mga mata. “Nope. He isn’t my type. I’m not into guys like him. Masyadong maraming babae.”

“Well, he’s gorgeous, you know,” kibit-balikat na sabi ni Laura.

“Yeah, right. Now we’d better sleep. Dahil maaga pa tayong gigising bukas. I’m sure Mikhail will be there too para i-supervise tayo sa mga gagawin sa rancho. Parang istrikto pa naman siya pagdating sa trabaho.”

“Right.”

Nagtawanan ang dalawang magkaibigan bago nagpaalam si Laura na papunta na sa silid nito.